Ebanghelyo ayon kay Lukas 18 : 35 - 43

Nang si Hesus ay makarating sa bayan ng Jerico,
mayroong isang lalaking bulag sa tabi ng daan
at nagpapalimos. Nang marinig ng lalaking
bulag na dumadaan si Hesus, siya ay tumawag,
"Hesus, Anak ni David, mahabag Ka sa akin!"
Ilang tao roon ay nagsabing tumahimik siya,
ngunit lalo niyang nilakasan ang pagtawag,
"Anak ni David, mahabag ka sa akin!"
Tinanong siya ni Hesus, "Ano ang iyong nais?"
Sumagot ang lalaki, "Ginoo, nais kong makakita
muli." Sinabi ni Hesus sa kanya,
"Tanggapin mo ang iyong paningin,
ang iyong pananalig ang nagligtas sa iyo."
Nang sandaling iyon,
muli siyang nakakita at sinundan
niya si Hesus sa daan, pinupuri
ang Panginoon ng buong lakas.

Igalang ang doktor. Ang
kanyang kakayahang magpagaling
ay isang handog na galing sa Diyos.
Ang Diyos ay nagkaloob ng mga
gamot galing sa lupa, at ang taong
hindi manhid ay hindi
kamumuhian ang mga ito.
(Sirach 38 : 1 - 4)